PULANG SILANGAN
REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG MAMAMAYAN SA SILANGAN GITNANG LUZON
ENERO-PEBRERO 2023

# PALAKASIN ANG ALON NG REBOLUSYON

***Kasinglakas ng hampas ng alon sa Dagat Pasipiko ang kahingian ng mamamayan sa Silangan Gitnang Luzon para pag-alabin ang digmang bayan.***

Walang masaka sa kabukiran. Walang mauma o makaingin sa kabundukan. Ang malawak na lupain sa Aurora, Nueva Ecija, Bulacan at iba pang panig ng bansa ay pribadong inaangkin at kontrolado ng lokal na panginoong maylupa at mga dayuhang kapitalista.

Bawal mangisda lagpas sa municipal fishing ground. Pero ang municipal fishing ground ay tadtad ng mga pribadong resort sa baybayin, habang ang mga bahay paisdaan sa laot ay kontrolado naman ng malalaking kumpanyang nangingisda na may mga payaw. Samantala, ang kalaparan at yaman ng Dagat Pasipiko ay sadyang inihandog ng estado sa mga dambuhalang barkong pangisda at pandigma ng imperyalistang US.

Saksi ang kabundukan ng Sierra Madre sa walang kabusugang pag-angkin ng mga lokal na panginoong maylupa, mga burukratang kapitalista, malalaking burgesya kumprador at dayuhang kapitalista sa lupa at likas na yaman ng bansa. Gaya ng mga alon sa Dagat Pasipiko, hindi mapapayapa ang nagpupuyos na kalooban ng masang magsasaka. Lupa, kabuhayan, serbisyong panlipunan at pamumuhay na ligtas sa mga sakuna at pandarahas ang kanilang sigaw!



Demokratikong rebolusyong bayan ang tanging solusyon.

Magsasaka sa Gitnang Luzon, magbangon at magkaisa. Sariwain ang maniningning na tagumpay sa pagsasanib pwersa ng Communist Party of the Philippines (CPP), New People's Army (NPA) at masang nakikibaka. Tanganan ang mga aral sa pagsusulong ng rebolusyunaryong agraryo at magpunyaging ipagtanggol ang mga ito sa harap ng panggigipit at pandarahas ng estado. Magtipon at itayong muli ang Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM). Sumangkot at lumahok sa pagpapalakas sa armadong pakikibaka. Mag-ambag sa higit na paglakas ng NPA.

Kasinglakas ng hampas ng alon sa Dagat Pasipiko ang makauring poot ng sambayanang Pilipino sa rehimeng US-Marcos Jr., ang pangunahing kumakatawan sa estadong panginoong maylupa-malaking burges kumprador at sa amo nitong imperyalistang US. Sa pamamagitan ng digmang bayan, lulunurin ng nagkakaisang mamamayan sa karagatan ng armadong paglaban ang estadong bulok.🔥



P95.00/araw ang kinikita ng mga katutubong Dumagat sa 7 araw na pangangalap ng runo (tambo).

8% lamang ito ng P1,161 itinakda mismo ng gubyerno na nakabubuhay na sahod para sa limang kataong pamilya.

# Ang mukha ng kahirapan sa Silangan Gitnang Luzon

Sa kapatagan ng Nueva Ecija, kadalasang P20-50.00 na mas mataas ang sahod ng mga lalaking manggagawang bukid kaysa sa mga babae sa parehong trabaho dahil sa mababang pagtingin sa kababaihan.

Sa kalakarang palyo, 10 piraso sa bawat 100 buko ang otomatikong hindi binabayaran o libreng nakukuha ng mga buyer sa magniniyog sa San Luis, Aurora.

Less 2 o bawas 2 kilo sa bawat isang buriki ng sibuyas ang hindi binabayaran ng buyer sa magsisibuyas sa Bongabon, Nieva Ecija.

P4.00/piraso lamang ng bukawe na may 9 piye haba ang kuha ng mga buyer sa mga magbubukawe sa Gabaldon, Nueva Ecija. Habang ibebenta naman ito ng P25-30/piraso katumbas ng 750% tubo bawat piraso.

Hindi bababa sa 60% ang tubo sa bawat pautang ng mga micro-financing bank gaya ng ASKI, Joyful, ASA, CARD, Kabalikat sa mga magsasaka ng Maria Aurora, Aurora. Malayo ito sa pangako nilang 3-5% na interes.

Sa kabukiran ng Nueva Ecija, 10 kaban lamang ang kaparte ng magsasaka sa bawat 100 kaban na ani. Ito ang kalakarang ikapu o 1 kaban sa bawat 10 kaban ang parte ng magsasaka.Walang upa ang lakas paggawa ng pamilyang nakiki-porsyentuhan.

Maswerte na kapag naka 100 kaban ang anib sa 1 ektarya. Sa P17 per kilo ng palay, tumutumbas lamang ng P8,500 ang 10 kaban na kaparte ng magsasaka o katumbas lamang P70 kada araw sa loob ng apat na buwang paggawa.

Umaabot ng less 5 hanggang less 10, o lima hanggang sampung board feet ng kahoy ang hindi binabayaran ng malalaking buyer sa magkakahoy sa General Tinio, Nueva Ecija. May utang pa sila sa buyer pag nahuli ng DENR at militar.

15-25% na mas mataas ang presyo ng mga batayang bilihin sa kanayunan kaysa kalunsuran. Gayunpaman, ipinatutupad pa rin sa Pilipinas ang mas mababang sahod sa mga rehiyon labas sa NCR.

Rundown ng presyo NCR at Kanayunan

| | | |
|---|---|---|
| Noodles | 8.00 | 10.00 |
| Sardinas | 21.00 | 25.00 |
| Asukal | 82.00 | 90-100.00 |
| 50gKape | 49.00 | 52-60.00 |



# Ang mga peste sa sibuyasan




*Nag-uumpisa na ang anihan ng sibuyas sa Bongabon, Nueva Ecija. Nagsisimula na din na maminsala ang harabas (armyworms). Gabi-gabi ay nag-iispray ng pesrisidyo ang mga magsasaka para labanan ang pag-atake ng salot na uod.*

*Mahigit isang daang libong piso ang nagagastos ng magsasaka sa bawat isang ektaryang sibuyasan para puksain ang harabas. Wala silang pagpipilian kaysa matunaw ang sibuyas nila sa isang gabi lang na pag-atake ng balasubas na harabas.*

Pero may mas matindi pa sa harabas. Nag-aapura ang mga magsasaka na makaani bago Marso, dahil sinisiguro na nilang aabutan ng bagsak presyo ang sibuyas. Ngayon pa lang ay bumaba na ang presyo ng sibuyas sa pamilihan dahil sa pagdagsa ng imported na sibuyas. Halos anim na libong metriko toneladang imported na sibuyas ang dumating noong katapusan ng Enero. Ang presyo ngayon sa farmgate ng pulang sibuyas ay P180-200 per kilo at ang puting sibuyas naman ay P100-120 na lang. Ang sabi ng DA inaasahan nilang bababa ang presyo ng sibuyas sa P50 per kilo. Paano na si Pedrong magsasaka?

Sa pagharabas at pagdagsa ng imported na sibuyas, paspas naman ang pag-akumula ng tubo ng mga komersyante usurero sa kabukiran. Malaganap ang relasyong "pasamà" o samak.



Sa komersyante kukunin lahat ng panggastos sa produksyon na iaawas sa aanihin, saka nila paghahatian ng magsasaka ang aning sibuyas. Si komersyante din ang nagpipresyo sa sibuyas at sa lahat ng kagamitan sa produksyon na ginamit. Habang Sa pagharabas at pagdagsa ng imported na sibuyas, paspas naman ang pag-akumula ng tubo ng mga komersyante usurero sa kabukiran. Malaganap ang relasyong "pasamà" o samak. Sa komersyante kukunin lahat ng panggastos sa produksyon na iaawas sa aanihin, saka nila paghahatian ng magsasaka ang aning sibuyas. Si komersyante din ang nagpipresyo sa sibuyas at sa lahat ng kagamitan sa produksyon na ginamit. Habang nabubundat sa yaman ang mgs komersyanteng kasabwat sa kartel ng sibuyas, pasamâ ng pasamâ naman ang kalagayan ng magsasaka.

*Ang pyudal na pagsasamantala ang pinakamatinding peste sa sibuyasan na daang taon ng nagpapahirap sa magsasaka. Demokratikong rebolusyong bayan lamang ang tanging makakalutas nito.* 🔥

I-SEARCH SA ANG @PULANG_SILANGAN
I-FOLLOW AT MAG-RETWEET!

*Ipamahagi at ipalaganap ang isyu ng Pulang Silangan!*



# Malalaking burgesya kumprador, nasa kabinete ni BBM

*Mga negosyanteng milyonaryo-bilyonaryo ba kamo? Hindi na sila kailangang hagilapin pa sa kanilang mga engradeng opisina. Punta ka lang sa palasyo ng Malacañang at makikita mo sila -- mga tao ng Aboitiz, Razon, Gokongwei, Tan at San Miguel Corp.*

## Frederick Go

presidential adviser on investment and economic affairs. Siya ay presidente ng Robinsons Land at CEO. Pamangkin siya ng negosyanteng si John Gokongwei. Malaki ang kanyang ambag sa paglaki ng Gokongwei Group. Naging chairman din siya ng Luzon International Premier Airport Development Corp. (LIPAD), ang kumpanyang namamahala sa Clark International Airport sa Pampanga at sa negosyo ng Gokongwei Group sa Tsina.

## Rafael Consing

makakatuwang ni Frederick Go sa investment and economic affairs. Siya ay pinagkakatiwalaang CFO ni Enrique Razon sa matagal na panahon sa kanyang International Container Terminal Services Inc. Si Consing ay kinilala ng iba't ibang institusyong pinansyal at mamumuhunan bilang pinakamagaling na CFO (Investor Relations) sa Asya.

## Monalisa Dimalanta

Energy Regulatory Commission chair. Dating chief legal counsel and compliance officer ng Aboitiz Power Corp.

## Dennis de la Serna

presidente at CEO ng Power Sector Assets and Liabilities Management Corp. (PSALM), ang kumpanyang naatasan isapribado ang mga power assets na pagmamay-ari ng estado. Siya ay first vice president ng AboitizPower.

## Raphael Lotilla

Energy Secretary . Kilala ring dating tao ng Aboitiz dahil nanilbihan siyang independent director ng Aboitiz Power noon.

## Sabin Aboitiz

itinalaga na convenor ng Private Sector Advisory Council. Ang konsehong ito ay binubuo nina Aileen Uygongco-Ongkauko ng La Filipina Uy Gongco Group of Companies para sa agrikultura; Joey Concepcion ng RFM Corp; Henry Aguda ng Union Bank para sa Digital Infrastructure; at Paolo Borromeo ng Ayala Corp. para sa sektor ng kalusugan.

## Manuel Bonoan

Secretary ng Public Works and Highways. Siya ay dating presidente at CEO ng San Miguel's SMC Tollways. Siya ay tubong Solsona, Ilocos Norte.

Transportation Secretary. Matagal siyang naglingkod sa Tan Group bilang dating presidente ng Philippine Airlines.


## Jaime Bautista

chief of Government Service Insurance System. Dati rin siyang kabilang sa mga executives ng Tan Group. Siya ay presidente ng Philippine National Bank sa panahon nang siya ay ma-apoynt.

## Jose Arnulfo "Wick" Veloso

Sa punto de bista ng burges na ekonomista, ang mga negosyanteng gaya nila ang kailangan para makaahon sa krisis ang ekonomya ng bansa. Gayunman, pinatotohanan ng kasaysayan na ang mga kagaya nila ay tapat lamang sa interes ng kanilang uri. Ngayon pa lang ay nakatitiyak ang sambayanang Pilipino na gaya ng burukrasya ni Ferdinang Marcos Sr, ang Gubyerno ng Republika ng Pilipinas sa ilalim ng tambalang Bong-Bong Marcos Jr at Sara Duterte ay isang malaking korporasyong pinamumugaran ng mga kapitalistang walang kabusugan sa tubo at ganansya.🔥

---



*Napakamot na lang ng ulo si Ben habang hawak sa isang kamay ang sandakot na paku na kanyang natalbos. Dali-dali pa naman siyang pumunta sa dako na yon dahil sa tantya niya ay hindi pa iyon napapasok ng mga namamaku na tulad niya. Tama siya, hindi pa nga ito napapasok ng iba dahil may nakalagay na "Bawal mamaku dito."*



Si Ben ay residente ng Diteki. Dumayo silang mag-anak sa kailugan ng Matawi, sa kahabaan ng Coronel River para mangalap ng paku at talangka. Wala silang lupang natatamnan sa Diteki. Hindi naman sila malayang nakakapangalap sa kabundukan o sa kailugan dahil mahigpit madsyado ang naka-kampo doon na tropa ng 91st IB. Kaya tinatiyaga nila ang pandarayuhan para manalbos ng paku. Minsan ay nag-aarkila pa sila ng bangka para mamaku sa kailugan ng Umiray. Ibinebenta nila ito ng pitong piso lang kada tali sa komersyanteng pinagkakautangan nila ng konsumo. Balita nila ay nabibili ito sa Cabanatuan ng hindi bababa sa kwarenta'y singko pesos. "Ayos na rin yon, kaysa walang matakbuhan na mauutangan sa oras ng pangangailangan," ika pa niya.

Ang paku ay ligaw na gulay na matatagpuan sa tabing ilog at sapa. Sa hirap ng buhay, naoobliga ang ibang magsasaka na tarakan ang mga ligaw na gulay sa tapat o malapit sa kanilang kubo na kanilang pribadong pag-aari. Ang kawalan ng lupang mabubungkal at lumalalang kagutuman ay lumilikha ng kundisyon para pag-away-awayan ng masang magsasaka ang ilang rekurso sa kalikasan, habang ang malalawak na lupa at bulto ng likas na yaman ng bansa ay pinagpapasasaan ng iilang panginoong maylupa at dayuhang kapitalista.

Buti na lang may Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM), ang rebolusyunaryong samahan ng uring magsasaka. May madudulugan ang mga kagaya ni Ben para ayusin ang organisadong pangangalap ng kabuhayan at pagdadamayan ng mga maralitang magsasaka. Higit pa don, sa tulong ng NPA ay sama-sama nilang pinag-aaralan kung paano mabubungkal ang ilang tiwangwang na lupain para pagtamnan ng kagyat na makakain. Hakbang-hakbang, batay sa aabutin ng kanilang organisadong lakas ay ilulunsad nila ang iba pang kampanyang masa na tutugon sa demokratikong interes at kagalingan ng mga magsasakang tulad niya.🔥



# Kwentong Pugay!

## Mga kwento ng kabayanihan ng masa at kasama...

# ANG WALANG KAMATAYANG MGA KWENTO AT TULA NI Macario Salakay...

Siya si ka Monet, Atong, Alvin, Magi, Peter, Jason, Allen, Andres... Sa mahigit tatlong dekada, napakarami na niyang naging pangalan sa pakikibaka. Pero kilala siya ng masa. Hindi lamang dahil siya ay kalbo, ngunit siya ang kanilang Kumander na walang kapagurang nakikipagtalakayan sa kanila, nakikinig sa kanilang mga kwento at hinaing, kabiruan, kasama sa hirap at saya sa sa bundok, sa kabukiran, maging sa kapatagan ng Gitnang Luzon.

Siya si **Nephtali Santos**, Pulang Kumander at Pulitikal Instruktor ng Bagong Hukbong Bayan o NPA. Kagawad siya ng Komiteng Rehiyon sa Gitnang Luzon. Pinamunuan niya ang Platun sa pagsasakatuparan ng rebolusyonaryong tungkulin sa paglulunsad ng armadong pakikibaka, sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo at pagbubuo ng base ng rebolusyon mula Kanluran tungong Silangan ng Gitnang Luzon.

Siya ay rebolusyunaryong artista, isang pulang makata. Siya si Macario Salakay.

Tipikal na tula ng Pulang Mandirigma, Ay mga tulang mabilis na nililikha..

Walang sukat, walang tugma. Sa iglap isinusulat, pangahas sa ideya. Walang pakundangan sa porma, Basta sa sustansya ay sagana...

Demokratikong Rebolusyong Bayan. Iyan lang ang aming kayang i-tula. Pagkat iyan lamang ang buhay at kamatayan ng isang Pulang Mandirigma

*(sipi mula sa tula niyang 'Ang mga Tula sa Kanayunan' )*



Huwaran siyang artista ng bayan. Ang kanyang mga tula ay nagdudulot ng saya sa mga masa at kasama.

"Mga pasistang armi na isinasabak sa operasyon. Sa kabundukan kung tag-ulan, Nagmemedyas ng alipunga. Nagkwi-kwintas ng kombat. Di nabri-brief dahil sa hadhad Masa ang pinagbubuntungan.

Mga Pulang Mandirigmang naaawa sa sarili. Lumalapit sa mga kasama at masa. pag ipinakita ang alipunga sa kanila, Ipapakita rin na meron din silamas malala pa! Sabay tawa at sabing Talaga kasta kadua, agan anus ka. (Talagang ganyan kasama, tiisin lang). ..... (sipi mula sa tula niyang 'Alipunga')

Gaya ng kanyang walang kamatayang mga tula, ang kanyang buhay at pakikibaka ay mananatiling buhay sa puso at isipan ng nakikibakang mamamayan.

> Ako ang Bagong Hukbong Bayan! Ako ang sumisikat na araw sa malayong Silangan! Tagumpay koy paglagot sa Imperyalistang tanikala! Ito'y aking alay sa paglaya ng sangkatauhan!!!
>
> *(sipi mula sa 'Ako ang Bagong Hukbong Bayan.')*

Bahagi siya ng napakaraming pagsulong at mga tagumpay, ng muli at muling pagpupundar ng lakas, pagpapanibagong sigla, at higit pang mga pagsulong. Hindi lamang sa larangang gerilya ng Tarlac, kundi maging sa Zambales, Western Pangasinan, Nueva Ecija at Aurora.

Ang kwento ng kanyang buhay ay kwento ng pagpupunyagi sa armadong pakikibaka. Mayabong na karanasan. Hitik sa aral. Ang kamatayan ay malaon na niyang pinahandaan. Sa kanyang mga tula para sa mga kasamang martir, ang kanya na ring habilin.

## HAYAAN MO AKONG MAGING ISANG PUNONG MANGGA

Pulang mandirigma akong nabubuhay
At lumalaban para sa sambayananan
Hiningay malalagot din sa kalaunan
Maging rebolusyunaryong martir
ay isang tagumpay

Kamataya y di lang pinaghahandaan
Pinapangarap ding matulad sa mga bayaning
Nabubuhay ng walang hanggan
Ang halaga ng buhay ay nasa paglilingkod sa bayan

Kung akoy masawi sa aking paglisan
Katawan koy sunugin, aboy tipunin sa isang sisidlan
Sa aking munting hukay, akoy ibuhos at pabaunan
Buto ng isang bungang manggang magulang

Hayaang akoy maging pataba sa lupa
Hayaang akoy sumanib sa supling
at maging isang punong mangga
Akoy muling mabubuhay, makikibaka
At maglilingkod sa habang panahon

Ang lahat sa akiy magiging pakinabang
Dahon, balat at ugat ay panlunas
Katawan koy sa anupamang pangangailangan
Samantalang tuyong mga sangay panggatong naman

Sa aking lilim bayaang humimlay
Mga pagod, sugatan o mga nasawi man
Gawing lunsaran din ng mga magigiting na mga labanan
O di kayay mga pagdiriwang, anibersaryo at kasalan
Ang aking ibubungay maaasim kalaunay tatamis
Alay pangunahin sa mga anakpawis
Ang bawat butoy binhi ng pagsasalinglahi
Walang katapusan di mapapawi

Hayaang ako'y maging isang punong mangga
Pagkat hangad ko ay kalayaan
Mahirap nang sa kamatayay
Kulungang semento, bato at bakal pa ang huling hantungan.

*Pulang saludo kay kasamang Nephtali Santos! Ang kanyang kamatayan ay kabayanihan. Ang kabayanihan niya ay walang kamatayan.*🔥

# Kulang ang Isang libo't Isang Tugma para sa Tunay na Makata

*(Para kay Nephtali "Ka Allen" Santos)*

Mabuti sana, kung ang mga pantig na sinusukat
ay kasukat ng iyong pagiging matapat
na mandirigma o kung tutugma
man lamang ang mga tugmaang
masinsing pinipili bilang panghaliling pang-uri
sa paglalarawan ng makauri mong tapang —
Kaso, hindi.

Mabuti sana, kung ang mahahabing salita
ay retorika ng mga pinitas na bulaklak
sa hardin ng romantisismo — binigkis,
saka pinaglunoy sa halimuyak ng idealismo
upang ilahok sa makasulasok na patimpalak ng mga makata
na nagtatagisan para sa sariling ganansya at pantasya —
Kaso, hindi.

Hindi kayang sukatin ng anumang palapantigan
ang iyong paninindigan.
Hindi sasapat ang 'sandaang tula,
kahit pa mayroon itong 'sanlibo't isang tugma.
Kapos itong maglarawan sa talinghaga ng daan
na pinili mong sundan—

Ang indayog ng rebolusyon
na ang kariktan ay nananahan
sa tamis ng dakilang layuning
mapalaya ang bayan.

Para sa iyo, ang halaga ng sining at tula
ay hindi magmumula sa pagkumpleto ng rekisito
sa paglalagay ng mga elemento —
sukat, tugma, retorika, talinghaga, kariktan at indayog.
Pagkat ang bisa ng bawat likha ay kung maglilingkod ito
sa hanay ng proletaryado. Ang elemento nito
ay nakasuot sa salimuot
ng pang-aapi, pagsasamantala at paglaban.

Baril ang iyong panulat
habang walang sawang nagmumulat
at nag-oorganisa.
Ikaw ang tunay na makata
na hindi nanghihingi ng mga merito at pagkilala
sapat nang maging bahagi ng puspusang pakikibaka.

Kulang ang tugmaan upang isalaysay
ang kabuluhan ng iyong buhay.
Gayunman, ang bawat tula ay marapat na ialay at magdakila
sa iyo, at sa lahat ng martir
na taos-pusong naglingkod
sa rebolusyon.

***Daya Nalagbaga***
***05032023***





*Para sa mga dating NPA:*

# MAGLINGKOD SA MASA, HINDI SA ESTADONG PASISTA!

*Pinagpupugayan namin ang inyong mga naiambag sa demokratikong rebolusyong bayan noong kayo ay aktibo pang kasapi ng NPA. Anuman ang kadahilanan ng inyong pag-alis sa Hukbo ay aming nirerespeto.*

Sa tumitinding krisis ng lipunang Pilipino, lalong sumisidhi ang terorismo ng estado. Ang mga pamilya ng NPA, mga ex-NPA tulad ninyo at sinumang pinaghihinalaan na may kaugnayan sa CPP-NPA-NDF ay target ng panunupil, paggigipit at pandarahas ng naghaharing estado.

Maraming ex-NPA ang napa-surender ng reaksyunaryong gubyerno at pwersahang ginagamit laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan. Kaugnay nito, nais naming ipabatid sa inyo ang patakaran ng CPP-NPA kaugnay sa mga kaso ng pagsurender.

**Ang pagsurender sa reaksyunaryong gubyerno ay hindi tinuring ng CPP-NPA na kaso sa mamamayan at sa rebolusyonaryong kilusan. Ang pagkakaiba o pagbabago sa paninindigang pampulitika ay aming nirerespeto.**

**Ang mga kaso ng boluntaryong pakikipagtulungan sa AFP, PNP, mga ahente sa paniktik ng estado, nagpapahamak sa masa at sangkot sa mga kontra-rebolusyunaryong aktibidad ay iniimbistigahan at tiyak na may karampatang kaparusahan.**

**Hindi itinuturing na kalaban ng CPP-NPA ang mga sibilyan at ex-NPA na sumurender sa reaksyunaryong gubyerno. Marami sa kanila ay ginipit at pwersahang pinasurender. Sa katunayan, sila ay biktima ng terorismo ng estado.**

**Sa kabilang banda, bukas ang CPP-NPA na bigyan ng pagkakataong magwasto at bumalik sa panig ng mamamayan ang sinumang nag-CAFGU, nagamit o nagpagamit sa estado sa operasyong saywar, kombat o paniktik laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan -- na matapat na aako ng pananagutan at taos sa pusong magpupuna sa sarili.**

Hindi itinuturing na kalaban ng CPP-NPA ang mga sibilyan at ex-NPA na sumurender sa reaksyunaryong gubyerno. Marami sa kanila ay ginipit at pwersahang pinasurender. Sa katunayan, sila ay biktima ng terorismo ng estado.

Ang mga kaso ng boluntaryong pakikipagtulungan sa AFP, PNP, mga ahente sa paniktik ng estado, nagpapahamak sa masa at sangkot sa mga kontra-rebolusyunaryong aktibidad ay iniimbistigahan at tiyak na may karampatang kaparusahan.

Sa kabilang banda, bukas ang CPP-NPA na bigyan ng pagkakataong magwasto at bumalik sa panig ng mamamayan ang sinumang nag-CAFGU, nagamit o nagpagamit sa estado sa operasyong saywar, kombat o paniktik laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan -- na matapat na aako ng pananagutan at taos sa pusong magpupuna sa sarili.

Batid ninyo na ang NPA ay Hukbo ng masa. Minamahal, kinakalinga, sinusuportahan at pinoprotektahan ng masa ang NPA dahil ito ang kanilang tunay na Hukbo. Napatunayan ninyo ito noong kayo ay NPA pa.

Hinihikayat namin kayo na panatilihin sa inyong puso't isipan ang adhikain ng paglilingkod sa masa at paghahangad sa tunay na kalayaan at demokrasya.

Hinihikayat namin kayo na kumawala sa kontrol at doktrina ng bayaran, malupit, mapanlinlang, maka-dayuhan at kontra-mamamayan na AFP-PNP at sa amo nilang mga panginoong maylupa, malalaking burgesya kumprador at imperyalistang US.

Hinihikayat namin kayo na makipag-ugnayan sa rebolusyonaryong kilusan para sa mga posibleng pagtutulungan para sa inyong seguridad at sa tunay na pagtataguyod sa interes ng sambayanang Pilipino.

Kayo, at ang inyong pamilya ay kabilang sa masa na aming pinaglilingkuran. Hangad namin ang inyong positibong tugon at pakikiisa.🔥

*Tunay na Lingkod ng Masa,*

**CPP-NPA Gitnang Luzon**
**Josepino Corpuz Command**

# Ismagler sa Pinas, tiba-tiba sa kita!

Laging laman ng balita ang mga ismagel na produktong agrikultural na nakukumpiska ng Bureau of Customs. Pero wala pang ismagler ang napabalitang nahuli at nakasuhan sa ilalim ng Agricultural Smuggling Act of 2016. Sa dami ng kaso ng mga nahuling kontra-bando, 93 lamang ang nakahain na reklamo sa Department of Justice.

Nitong Pebrero lang ay halagang 104 milyong piso ng ismagel na sibuyas, asukal at sigarilyo ang nadiskubre ng Customs Intelligence and Investigation Service-Manila International Container Port (CIIS-MICP) sa walong barko galing ng Tsina, Hong Kong at India. Nakaraang taon, hindi bababa sa 1.9 bilyong pisong halaga ng ismagel na produktong agrikultural ang nahuli, 30% rito ay imported na sibuyas.

Sa pag-aaral ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, 10% lamang ng mga ismagel na sibuyas ang nasasakote ng Bureau of Customs habang ang 90% ay malayang naisasapamilihan.

Paanong masasakote ang mga ismagler kung ang mismong kasabwat ay ang mga nakaupo mismo sa estado poder? Kabilang sa mga prebilihiyo ng naghaharing pangkatin sa reaksyunaryong gubyerno ang pagtamasa sa mga nakaw na yaman, porsyento't lagay sa mga sindikato at iligal na negosyo. Kaya hindi na baleng gumastos ng malaki sa kampanyang eleksyon, tiba-tiba naman pag naupo na sa posisyon.🔥

# Alam mo ba...



## Army Worms sa Bongabon, Nueva Ecija

Bulateng harabas, army worms ang tanyag na ngalan. Kung manginain ng sibuyas, lanus lahat sa isang magdamagan. Walang pakundangan, nanalasa sa kabuhayan. Parang 91st IB, nagkakampo sa gitnang kabukiran. Magdamag rumoronda, kasama ng mga CAFGU na masisiba. Pobreng magsasaka kinabukasan ay kawawa. Hayop at gulay, pati kaldero'y nawawala. Tinangay ng army na kawatan. Ay, army worms nga naman. Harabas na balasubas!🔥



## RCEP, hindi solusyon sa problema sa agrikultura

Aprubado na ng Senado, Regional Comprehensive Economic Partnership kung tawagin. Malayang kalakalan ang ibig sabihin. Imported at ismagel na produkto, tiyak dadagsa sa merkado.

Kasapi ang sampung bansa sa Association of Southeast Asian Nations (ASEAN), at kapartner ang Australia, China, Japan, South Korea, at New Zealand. Kompetisyon ika ang solusyon para agrikultura ng bansa ay makabangon.

Sagot naman ng pobreng magsasaka, "RCEP ay hindi solusyon, bagkus karagdagang kunsumisyon." Liberalisasyon sa agrikultura, iraratsada lamang nito. Imported na lahat --mula sa binhi, abono at pestisidyo. Walang subsidyo sa Pilipinong magsasaka. Lupang agrikultural ay para na sa pananim na pang-eksport. Habang ang pagkain ng sambayanang Pilipino ay iaasa na sa import.

Magsasakang Pilipino, pag-aralan ng seryoso. RCEP na kasunduan, isasadlak lalo ang masa sa matinding kahirapan. Ano't di ka magbalikwas at tahakin landas ng demokratikong rebolusyon bayan? Rebolusyon ang solusyon!🔥

# Timbangan ng Lakas

***Gaya ng arawang pagtawid sa alambre ng buhay ang pakikipaghilahang lubid sa kaaway. Kung hindi ka magbabanat ng buto, wala kang iluluto. Ang unang sumuko, tiyak siya ang talo.***


Taong 2005 nang tagumpay na maposisyonan ng masang magsasaka ang ilampung ektarya na sakop ng IDC, isang dating logging concession sa Dikapinisan, San Luis, Aurora na pagmamay-ari ng dayuhan. Sa mahigpit na pagkakaisa ng masang magsasaka, ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at gabay ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), ang mga magsasaka'y nagkaroon ng tirahan at lupang masasaka. Sunod-sunod ang napagtagumpayan sa rebolusyong agraryo. Nakuha ng mga manggagawa ng San Roque Sawmill ang 2.5 milyong separation pay at mga benepisyo na ilang taong bininbin ng kumpanya. Naigiit na payagan ang water logging o ang pagbebenta ng masa sa mga kahoy na inanod ng baha. Naitaas ang presyo ng uling at kahoy. Sumigla ang kolektibong tulungan sa produksyon at pagtatanim ng saging, gabi at iba pa.

Subalit, **sadyang tuso at ganid ang naghaharing-uri. Anumang tagumpay ng masang magsasaka, tiyak na kabawasan sa kanilang yaman.** At kahit kailan, hinding hindi papabor sa interes ng uring magsasaka ang estado na pinaghaharian mismo ng uring panginoong maylupa at burgesya kumprador. Kaya naman, sa gitna ng matatagumpay na pakikibakang masa, lalong pinatindi ng estado ang paghahasik ng teror sa mamamayan ng Aurora gamit ang taktikang "shock and terror o gulpi de gulat" sa ilalim ng Oplan Bantay Laya II ng dating Pangulong si Gloria Macapagal Arroyo.

Sa tindi ng mga pokus na operasyong militar, pansamantalang naiwanan ng Hukbo ang erya. Pagkakataon na sibamantala ng militar para wasakin ang pagkakaisa ng masa. Nagtayo ng kampo sa mga baryo. Lahat ay inakusahang rebelde at sumusuporta sa NPA. Maging mga bata hindi naka ligtas sa pagbabanta. Tinortyur sa harap ng taumbaryo ang mga kilalang lider-magsasaka. "Kapag hindi nyo sinurender ang pinatago ng NPA, matutulad kayo sa kanila," mariing pagbabanta sa kanila. Sa labis na takot, may ilang masa na nagbenta ng kanilang baka at bumili ng baril para isuko sa militar.

Nilukuban ng karimlan ng pasismo ang taumbaryo. Mga nakamit na tagumpay ay unti-unting naglaho. Muli, naging karaniwang kalakaran na lamang ang mapagsamantalang relasyon sa produksyon. Ang mangahas na umalma ay agad na tinatatakang pula.

Ang pakikipaglaban sa lupa ay isang buhay at kamatayang pakikibaka. Hanggat hindi naibabagsak ang kasalukuyang bulok na estado, anumang tagumpay na natamo ng masang magsasaka ay tiyak na pilit wawasakin ng naghaharing-uri at





reaksyunaryong hukbo nitong AFP-PNP. Subalit, itinuturo sa atin ng mayamang karanasan ng pagsusulong ng pakikibakang masa na **walang imposible sa pagkakaisa ng masa, Hukbo at Partido.** Walang laban na hindi kayang pagtagumpayan.

*Gaya ng hilahang lubid, hindi maiiwasan ang pagkabigo o taktikal na pagkatalo sa kurso ng digma. Ngunit bawat aral na makakatas sa bawat pagkabigo ay magtuturo sa atin sa landas ng estratehikong pagkapanalo.*

Tanging ang tagumpay ng rebolusyon at ganap na pagbaliktad sa timbangan ng lakas lamang tuluyang magwawakas ang pagsasamantala at pasistang dahas. Higit sa lahat, nakasalalay sa kapasyahang magtagumpay at kahandaang batain ang mga*8* sakripisyo, pangibabawan ang takot ng bawat masa't rebolusyonayo ang tagumpay ng rebolusyon. Walang bagong lipunan na isinilang nang walang pawis at dugo ng mamamayang nais ng kalayaan. 🔥







